

Ano ang “My-number”?

Ang opisyal na tawag sa My-number ay “Social security/tax number system”

Siguro nababalitaan ninyo ang tungkol sa My-number sa news o sa TV .

Ito ang “**Social security/tax number system**” pero mas kilala ngayon na “My-number”. Ang My-number ay isang sistema ng paggamit ng numero o bilang para sa madaling pag-aayos ng datus ng lahat ng mga taong naninirahan dito sa Japan, kasama ang mga dayuhan (na may resident card) .

Simula sa Oktubre, makakatanggap kayo ng notisya na nagsasaad ng inyong “My-number”. At simula sa Enero, 2016, ang My-number na ang gagamitin. Ang mga dayuhang naninirahan dito ay may resident card, kaya nga lamang tuwing magpapalit ng status ng visa ay magbabago din ang number ng kanilang resident card. Samantalang ang My-number ay hindi na magpapalit.

Saan gagamitin ang My-number? Ayon sa public relations, ang My-number ay gagamitin sa pag-proseso ng pagbabayad ng annuity, medical care, welfare, tax at mga pag-proseso sakaling may disaster. Gayundin, itatala ang My-number sa pag-proseso ng kagaya ng public pension, employment insurance, health insurance, proteksyon sa pamumuhay, allowance para sa bata, pagbabayad ng mga buwis at iba pa..

Bakit kinakailangan ang pagbabago ng sistema? Dati-rati ay magkakahiwalay ang management system para sa babayaran sa annuity, buwis at insurance.

Ayon sa pamahalaan, sa paggamit ng My-number ng bawat tao ay mas madaling makontrol ang lahat ng impormasyon kung kaya’t mas madaling matunton kung may tumatanggap ng welfare kahit hindi karapat dapat o kaya ay hindi nagbabayad ng tamang buwis. Sinasabi din na mas magiging madali ang paglalakad ng mga dokumento sa mga upisina ng pamahalaan sa dahilang mababawasan ang mga kailangang papeles. Hindi pa nga lamang natin malaman kung ang sistema na ito ay mas mainam.

Hindi pa sinisimulan ang sistemang ito subalit may mga mamamayang nagsasabing sila ay nag-aalala na sa paggamit ng isang personal number sa pangangasiwa ng social insurance at buwis ay maaring maging dahilan ng pagkakaroon ng paglabas ng impormasyon at magiging sanhi ng krimen. .

Sinasabi naman ng pamahalaan na ang mga kabayaran sa annuity, welfare at buwis ay gagawin pa rin sa magkaibang seksyon, at ang My-number ay magiging link lamang sa mga impormasyon. Subalit kamakailan ay nagkaroon ng insidente ng pag-leak ng impormasyon sa public pension. Kung kaya’t hindi pa din tayo nakakasiguro. Sa Oktubre, ang My-number ay ipapadala sa address na nakalagay sa inyong resident card. Kung kayo ay nakatira sa ibang address ay maari kayong magka-problema. Gayundin kung kayo ay isang biktima ng DV, makipag-ugnayan lamang sa munisipyo at kaukulang sangay para hindi maipadala sa address ng inyong asawa.

Pag-uulat ni: Ms.FUJIBAYASHI Miho, Administrative scrivener

Ang FICEC ay sasali sa Tanabata (Star Festival) sa Kami-fukuoka

Kailan: Agosto 8 (Sabado), 9 (Linggo)
14:00 - 20:00

Saan: Fukuoka Central Park,
Fujimino-shi

(Malapit sa himpilan ng star festival)
Ang FICEC ay may booth at magbebenta ng mga lutong pagkain ng Sri Lankan at Pilipino. Meron ding slot machine game corner ng "International Children's Club". May nakalaang mga pa-premyo. Halina at sumali tayo!



Makisaya sa paglalaro na parang maglalakbay sa iba't ibang bansa (Pagdiriwang sa ika-10 taon ng Fujimino-shi)

Kailan: Agosto 30 (Linggo) 12:00 -16:00

Saan: 2F Shukai-shitsu,
Kamifukuoka-nishi
Kominkan, Fujimino-shi

Programa: Iba't ibang mga laruan ng iba't ibang bansa para sa mga bata.

Maraming mga dayuhang residente ang dadalo at sasali kung kaya't para na rin tayong pumunta sa iba't ibang bansa.

Halina na! Sumali tayo at makipaglaro. Libre ito.



Pang-kulturang ebento

Paggawa ng Taiwanese egg tart

Kailan: Sept. 25 (Biernes) 10:00 to 12:00
Saan: Plaza☆Fujimi (malapit sa east exit ng Fujimino Station) "Shokuiku Suishin-shitsu"

Bayad: 1000 yen para sa ingredients

Sumali tayo sa kasiyahan at matutong gumawa ng Taiwanese egg tart! Maging dito sa Japan ay popular din sa mga Hapon ang egg tart. Magtuturong Taiwanese kung paanluluin ang egg tart.



Halina at sumali tayo sa pagluluto at masayang pagkukuwentuhan. Tumawag sa:
Fujimino International Cultural Exchange Center
Tel:049-256-4290

Ang FICEC ay sasali sa Fujimi-shi International Exchange Forum

Kailan: Sept. 26 (Sabado) 11:30 - 15:30

Saan: Kirari☆Fujimi, Multi Hall, Fujimi-shi
Programa ng FICEC group:

(1) Paglalaro ng quiz "Subukan natin kung gaano tayo kahusay sa Nihongo"



(2) Corner ng display ng iba't ibang bansa

(3) Merienda: Egg tart
Sana ay masiyahan kayo sa mga i-hahanda naming programa para sa taong ito. Sali na tayo!!

Pag-iingat sa kagat ng lamok Para makaiwas sa Dengue Fever



Pagkalipas ng 70 taon ay muling nagkaroon ng paglaganap ng sakit na dengue fever. Kaya't mag-ingat tayo dahil panahon na naman ng tag-init at ng mga lamok. Nagkakasakit ng dengue fever kapag kayo ay nakagat ng lamok na may birus. Maaaring magkaroon kayo ng biglaang pagtaas ng lagnat, panakit ng dibdib, mga kasukasan, o pulang pantal sa balat. Ang mga lamok na ito ay nangingitlog at dumadami sa nakaimbak na tubig, kagaya ng lagayan ng mga halaman. Makakaiwas din kung magsusuot ng natatakpan ang balat kapag nasa hardin o sa mga may taniman.